

# 1

Habang marahang nilalaro ng isang daliri ang bibig ng kopita ng inumin niya, inililibot ni Sarah ng tingin ang kabuuan ng bar na iyon. Nasasalubong niya ang malalagkit na tingin ng ilang kalalakihan at hindi niya masisisi ang mga ito kung parang kulang na lang ay mag-apoy ang mata ng mga ito sa pagnanasa habang nakatitig sa kanya. She was wearing a haltered blouse and a skirt that only reached her mid-thighs, some parts of her creamy skin exposed and her curves underneath very obvious.

Pero wala siyang interes sa sinuman sa mga iyon. May specific na hitsura siyang hinahanap sa lugar na iyon. Someone very sexy, yet very dangerous. Dinayo niya ang lugar na ito para lang mahanap ito.

Inalis niya ang tingin sa isang lalaking kumindat sa kanya at muling inilibot ang tingin. It was then that she saw a tall man in long-sleeved shirt and slacks, his tie loosened and his coat on his arm. Gaya ng aura nito sa picture na nakita niya, he was smoking hot—malalapad na balikat at dibdib, may kahabaan ang buhok na naka-brush up papalikod, a dangerous glint in his eyes and an arrogant tilt on his sensual

lips.

Tinitigan niya ito.

*Look at me, look at me*, sabi niya rito sa isip na para bang may telepathy ito at lilingon nga ito sa kanya. Pinag-iisipan pa ni Sarah kung siya na ba mismo ang lalapit dito o hihintayin niyang mapansin siya nito para ito ang unang gumawa ng move, nang maringgan niya ang isang tinig mula sa kaliwa niya.

“Hi, gorgeous. Alone?”

The stranger was tall and muscled; mukhang kontrabida sa pelikula at kung makangisi ay parang maniac na goon—English-speaking goon, that was.

Lihim na napangiwi si Sarah.

“No, actually, I have company.”

Nag-chuckle ang lalaking look-alike ni Paquito Diaz. “Kanina pa kita pinagmamasdan, Miss. I know you’re alone.”

Medyo nakakaamoy siya ng peligro, pero kinalma niya ang sarili. “Ah, oo, hinihintay ko pa kasi iyong date ko.” Nilingon niya ang sexy hunk na pinagmamasdan kanina at namataan itong naupo sa sofa sa isang sulok ng bar. Wala itong kasama at palingun-lingon. Kaagad siyang nagdesisyon at

nilingon si Ingliserong Goon. “Oh, iyon na pala siya. Hinahanap na yata ako. Sige, I gotta go.”

Mabilis siyang tumayo at bitbit ang drink at purse niya, lumakad si Sarah palayo bago pa makapiyok ang katabi. Dere-derecho siya sa sofa na katapat ng inuupuan ni Sexy Stranger.

Napatingin ito sa kanya na parang hindi makapaniwala. May kung ano rin sa tingin nito na gustong magpainit sa mga pisngi niya. Buti na lang hindi siya blushing type.

“Paupo, ah,” aniya. “Kunwari magkasama tayo. I don’t want strangers here to think na nag-iisa ako.” Sumimsim siya mula sa hawak na baso.

He gave out a lopsided grin and his dimples melted her logic. “Lady, if you haven’t noticed yet, I’m a stranger to you, too.”

Hindi halata sa hitsura niya, pero parang nagkagulo ang mga paruparo sa loob ng kanyang tiyan dahil sa buong tinig nito. Whoa, so hindi lang pala ang aura ng lalaking ito ang sexy—everything about him screamed of S-E-X.

“Well, you seemed harmless naman.” She sounded confident, pero sa loob-loob ay kumakabog ang dibdib niya na para bang may kaharap siyang

lalaki na armado ng M-16. At parang gusto na niyang isipin na epekto iyon ng lalaking kaharap niya sa ngayon.

Tumaas ang kilay nito habang nakatitig sa mukha niya. “Oh, really?”

Hindi niya pinansin ang sarkasmo nito. Kung mayroon man kasing adjective na exact antonym ng lalaki, iyon na iyon: harmless. From his tall and broad frame, to his hair, to the glint in his eyes, to the sexy half-smile, to the stubbled jaw—he was danger incarnate.

“Well, kumpara naman d’un sa lalaking lumapit sa akin kanina,” palusot ni Sarah.

Hindi ito sumagot; ang klase ng ngiti nito ay iyong parang alam nito kung ano ang laman ng isip niya, maging ang kahit anong sekreto na pilit niyang ikinukubli.

“Baka may hinihintay kang kasama.”

Umiling ito nang akmang tatayo na siya. “Oh, please stay.” Alam niyang pinipigilan lamang nito ang mapangiti dahil sa dimples nitong bahagyang lumabas. “I’m alone. I’m just looking for some random attractive woman for a company tonight.” Mainit siya nitong tiningnan mula sa buhok niyang nakaladlad

ngayon hanggang sa dulo ng kuko niyang nakulayan ng hot pink nail polish na naka-display sa open-toe three-inch heels niya; obvious admiration was in his eyes.

This was it, he was flirting with her. Ito na ang pagkakataong hinihintay niya.

Ginamit ni Sarah ang lahat ng lakas ng loob na baon niya, bago nagsalita. “Well, you can use me,” provocative na hayag niya, aware na naging sultry ang kanyang boses, “for a company.”

Parang may kumislap na kung ano sa mga mata nito nang salubungin ang paningin niya. “Sure. That sounds like a lot of fun.”

Ngumiti lang siya—iyong pinaka-sexy na kaya niya.

“Come here, sit beside me.” Inalok nito ang kamay at inabot niya iyon. Para siyang kinuryente nang magdikit ang mga balat nila. Kung hindi pa niya binawi ang kamay, hindi pa nito iyon bibitiwan.

Ilang sandali silang natahimik habang parehong nakikinig sa malakas at maharot na musika. Nakatuon ang tingin niya sa mga taong nagsasayaw sa dance floor, pero ramdam niya ang mainit na titig ng katabi sa kanya. Unconsciously, pinasadahan niya ng kamay

*Charmed And Dangerous - Helene Del Mundo*

---

ang suot na maigsing palda na para bang mababanat iyon at hahaba kapag ginawa niya iyon nang paulit-ulit.

“Want to dance?” untag ng boses nito na nagpalingon sa kanya. Muntik na siyang mapasinghap nang pasimpleng daanan ng daliri nito ang makinis na balat sa balikat niya.

Pinagsabihan niya ang sarili. Hindi siya ang lumang Sarah sa gabing ito. She’s a seductress tonight at iyon ang dapat niyang pangatawanan.

She bit her lip. “Okay.”

Nasa likod niya ang isang kamay nito habang ginigiya siya patungong dance floor. Nang makarating doon ay lakas-loob na ipinatong niya ang mga kamay sa balikat nito samantalang hinapit siya nito sa baywang.

Sigurado siya, they looked odd on the dance floor dahil hindi naman sila sumasayaw kundi magkadikit lang.

He was staring at her ardently; na para bang ilang araw itong hindi kumain at ngayon ay biglang napaharap sa isang buffet ng masasarap na pagkain. It was making her nervous and excited at the same time.

Kung naiba-iba lang, panginginigan na siya ng mga tuhod. “Why are you looking at me like that?” she asked.

“Naisip ko lang, hindi ko masisisi ang mga lalaki rito kung makuha mo man ang buong atensyon nila,” anito habang nakatitig sa kanya. “You’re breathtakingly beautiful.”

Parang nanuyo ang mga labi niya so she swiped her tongue over it. Gumalaw ang Adam’s apple ng kasayaw at humigpit ang yakap sa kanya. Muntik na siyang mapapitlag.

Kinailangan niyang pagsabihan ang sarili para makalma muli ang puso niya. Saan ba kasi galing ang lalaking ito at ganito na lang ang dating sa kanya? Marami na siyang nakilalang lalaki—good-looking, strong, masculine and authoritative. Pero hindi ganito ang epekto ng mga iyon sa kanya.

This man was so darn sexy, and she was not talking about his body yet. Just his face. His smile... his eyes.

Humaplos ang isang kamay nito sa nakahantad na balat ng likod niya at muntik na siyang manginig.

“Tell me your name,” bulong nito sa tainga niya.

Itinaas niya ang tingin dito. “Kailangan pa ba iyon?”

“Yes,” he answered breathlessly. Itinaas nito ang isang daliri at inihaplos sa pisngi niya nang marahan.

Napapikit siya nang umabot sa gilid ng leeg niya ang daliri nito at doon humaplos. “S-Sarah.”

“Nice name,” pabulong na komento nito saka inangkin ang mga labi niya.

Parang umikot ang buong paligid. Pakiramdam niya ay babagsak siya sa sahig dahil sa panghihina ng kanyang mga tuhod, kaya minabuti niyang ikawit ang mga braso sa leeg ng kasayaw.

Umungol ang estranghero at mas hinapit pa siya sa batok; bumaba ang isang kamay nito patungo sa balakang niya saka siya idinikit sa sariling katawan.

A strange sound came out of her lips.

“Call me ‘Jude’,” bulong nito sa mga labi niya bago iyon sinakop muli sa mas mainit pang halik. “Say my name,” anas nito sa pagitan ng mga halik.

“Jude,” she murmured back. She nipped his lower lip, gathering a growl from him before he feasted on her lips again. Hinayaan niya ang sariling namnamin ang sandaling iyon at tinugon niya ang mga halik



nito.

“More,” anas nito muli, “I want more. Give me more of you.”

She opened her lips and let him kiss her deeper. Pareho silang napaungol. He assaulted her mouth and tasted every sweet inch of it, making her dizzy with a need that she had never felt before. Patuloy sa paghaplos ang kamay nito sa katawan niya.

It seemed like they lost track of time, pabalik-balik, paulit-ulit, they tasted each other’s mouth. Nobody had made her feel this way—sexy, powerful yet very feminine.

May narinig silang malakas na usapan sa gilid nila kaya parang nagising na naghiwalay sila. Isang pareha ang tila nag-aaway sa tabi nila.

Gusto mapahiyang nilingon ni Sarah ang bar at nakita ang isang lalaki roon na nakakunot ang noo habang nakatitig sa kanya. Iniiwas niya kaagad ang tingin dito at tiningala si Jude.

Mahigpit pa rin ang yakap nito sa baywang niya at naroon pa rin ang apoy sa mga mata nito at muli siyang pinanginigan ng laman.

She swallowed. Hindi pa nangyari ang ganito na

halos nawalan siya ng kontrol sa sarili.

“My hotel suite is just across the street,” hinihinala na saad nito habang nakatitig sa mga mata niya; puno iyon ng pag-asam.

Muli siyang napasulyap sa lalaking nasa bar; mataman pa rin itong nakatingin sa kanila. Hinawakan niya ang kuwelyo ng shirt ni Jude bago tumango.

---

Nagmamadali ang mga kilos nila habang naglalakad patungo sa building sa kabilang bahagi ng lansangan. Tila hinahabol sila ng goons sa bilis ng lakad nila.

Pagkasara ng pinto ng elevator, hindi makapaghintay na kaagad siyang hinapit ni Jude at hinagkan sa labi. Pero hindi pa man nagtatagal ay bumukas muli ang pinto niyon sa sumunod na floor.

Pasimpleng naghiwalay sila nang isang matandang babae at dalawang maliliit na bata ang lumulan sa lift. Dalawang palapag na mas mataas kaysa sa bababaan nila ang pinindot ng babae.

“Malas,” mahinang anas ng lalaki sa tainga niya saka pinisil ang palad niya.

*Charmed And Dangerous - Helene Del Mundo*

---

Sinulyapan niya ito at napangiti dahil sa impatience sa mukha nito. Palihim na kinurot niya ito sa braso at nakita niyang lumalim ang pagkaka-indent ng dimples nito dahil sa pigil nitong ngiti.

Parang limang taon ang katumbas ng ilang minuto nilang elevator ride. Halos buhatin na siya ni Jude palabas ng lift patungo sa pinto nito na pangatlo sa hallway.

Napasinghap si Sarah nang mabilis nitong hinaklit ang kanyang baywang at batok, saka siya hinagkan nang malalim bago pa man nito nabuksan ang pinto ng suite nito.

Pabuhat siya nitong ipinasok sa loob ng pad; hindi niya malaman kung paano nito nagawang buksan kasabay ng mainit na paghalik sa kanya. Isinandal siya ng binata sa dingding at sinipa na lamang pasara ang pinto.

His lips possessed hers hungrily, his hands keeping her body tightly pressed against his. Nagmamadali ang mga kilos nito; para bang anumang sandali ay magugunaw ang mundo at mawawalan na ito ng pagkakataon para hagkan at hawakan siya.

Inagaw nito ang bitbit niyang pouch bag at hinagis iyon sa sahi. Bago pa siya makapag-react

*Charmed And Dangerous - Helene Del Mundo*

---

at itulak ito, kinuha na nito ang mga kamay niya at inilapat sa dibdib nito.

“Touch me,” himok nito saka marubdob na inangkin ang bibig niya.

Nanginginig ang mga daliring binuksan niya isa-isa ang mga butones ng long-sleeved shirt nito. Tama nga ang hinala niya, he was hiding some GQ cover material underneath his clothes.

Marahang inihaplos niya ang mga kamay sa makinis nitong dibdib. It felt somewhat stimulating, having to touch his hard, sinewy skin.

Umungol ito saka pinagapang ang maiinit na labi sa punong-tainga niya, marahang nilaro iyon ng ngipin at labi. It was her turn to moan.

She was on fire. Kahit kailangan niyang pilitin ang sarili na iklaro ang isip dahil may mas mahalaga siyang pakay sa binatang ito, nahihirapan siyang gawin iyon ngayon. Lalo pa nang gumapang sa loob ng blouse niya ang isang kamay nito.

“W-wait!” Napaigtad siya nang sapuhin nito ang isang umbok ng kanyang dibdib. Paano ba niya sasabihin sa lalaki na wala siyang karanasan sa ganito? Na hindi siya ang klase ng babae na nag-i-indulge sa one-night stands? Na unang beses niyang

ginawa ito?

“I can’t, sweetheart, I want you so much,” he whispered against her neck, saka nagmamadaling tinanggal ang tali ng haltered blouse niya. He sealed her lips with more kisses before she could protest.

Tinulak niya ito nang ubod-lakas para umamot ng hangin kahit kaunti. Hindi na kasi siya makahinga. “Sandali, may kailangan lang akong kunin.” Nagmamadaling humiwalay siya para sana pulutin ang pouch bag niya. “Oh!” Napahiyaw siya nang yakapin siyang muli ni Jude at bitbitin patungo sa kama bago pa niya malapitan ang bag.

“Later, baby,” anas nito habang patuloy sa paghalik sa paligid ng mukha niya.

Nagpatirapa ito sa kama habang bitbit pa rin siya. She felt the soft bed beneath her back and they both groaned when his hard chest crushed her breasts.

Nakagat niya ang labi nang ibaba nito ang bibig sa kanyang leeg, habang panay ang haplos ng kamay nito sa isang hita niya.

Ipinikit niya ang mga mata at pilit pinaibabaw ang matinong bahagi ng isipan.

*Think, Sarah, think. You can’t let this happen!*

She had to do what she had to do. Akmang itataas niya ang kamay para hablutin ang ulo nito at baliin ang leeg nito, nang pigilan nito ang dalawa niyang braso at itaas iyon sa ulunan niya.

“Jude!” reklamo niya.

He chuckled. “Relax, sweetheart,” anas nito bago kinagat nang mabini ang gilid ng leeg niya.

Pigil ang sariling umungol, kinagat niya ang pang-ibabang labi. Pilit niyang iginagalaw ang mga braso para lumuwag ang hawak ng lalaki roon pero ayaw siya nitong pawalan.

Nagmulat siya at pinaikot ang paningin sa silid. Nasa sahig malapit sa pinto ng pad ang pouch bag niya at naroon ang kailangan niya. Kailangan niyang maghanap ng anumang bagay na maaari niyang gamitin pamprotekta sa sarili.

Sa ibang pagkakataon, she would have admired the guy’s taste in interiors. Pero sa pagitan ng almost in panic mode na isip at nag-iinit na katawan, hindi niya iyon magagawa sa sandaling iyon.

Kailangan na niyang gisingin ang ‘Jiu jitsu-expert self’ niya bago pa tuluyang masunog ng init na iyon ang kanyang katinuan.

*Charmed And Dangerous - Helene Del Mundo*

---

Ikinilos niya paunti-unti ang mga binti paitaas sa balakang ng lalaki. Ang plano niya, iipitin niya ito gamit ang lakas sa kanyang mga binti at tuhod, saka siya uusod paalis sa pagkakadagan nito.

Akmang gagawin na niya iyon nang maramdaman ang mga labi nito sa punong-dibdib niya.

“Oh, God! Sandali! Please, sandali lang!” tarantang pigil niya.

Natigilan si Jude at bahagyang itinaas ang sarili para titigan siya. Iyon ang pagkakataong hinihintay niya. Hindi na niya pinansin how his eyes seemed darker and more intense while staring at her almost naked body, ubod-lakas na iniuntog niya ang ulo sa ulo nito.

Malutong at sunud-sunod na mura ang pinawalan nito. Pagkakataon na sana niya iyon para salakayin ito ng suntok habang nahihilo pa ito, pero isinubsob ng lalaki ang mukha sa leeg niya nang mariin at nakahawak pa rin sa mga braso niya ang mga kamay nito habang nag-re-recover sa hilo.

Mahigpit nitong pinigilan ang dalawang braso niya sa itaas ng kanyang ulo bago pa niya nagawang pakawalan ang sarili mula sa pagkakadagan nito at magawang suntukin ito.

“Who are you?” asik nito nang magtama ang mga paningin nila.

Itinaas niya ang mga sarili at mahigpit na inipit ng mga hita ang baywang nito saka inihampas nang ubod-lakas ang mga sakong ng paa niya sa puwitan at lower back nito.

Muli itong naglitanya ng mga expletives. Inilipat nito sa iisang kamay ang pagkakahawak sa mga pupulsuhan niya at niyakap siya gamit ang isang braso nang sobrang higpit. Isinubsob nito ang mukha sa balikat niya habang mariin siyang dinaganan. This time, hindi na sexy ang hitsura nila; mukha na silang mga players ng mixed martial arts.

Pinigilan ni Sarah ang sariling mapaungol nang maramdaman na para bang dudurugin nito ang mga buto niya.

“I swear hindi ako nananakit ng babae,” hinihinal na sabi nito. “Pero kung terorista ka, baka mapilitan ako.”

Nagwala siya at nagpilit makasingit paalis sa ilalim ng lalaki, pero mas itinaas nito ang kamay na may hawak sa mga pupulsuhan niya kung kaya naramdaman niya ang pagkahila ng kanyang mga braso. Napahiyaw siya sa sakit kasabay ng paghinto



sa paghampas ng mga sakong sa likod nito.

“Fiery, huh!” anito. Hinayaan niyang isipin nito na hindi na siya lalaban.

Unti-unti siya nitong binitawan at itinaas ang sarili mula sa pagkakakubabaw sa kanya.

Itinaas niya ang isang tuhod papatama sa pagitan ng mga hita nito. Pero tila nahulaan na nito ang gagawin niya kaya mabilis na nakaiwas.

“Oops!” pang-aasar nito habang hawak ang mga sakong niya. Tumayo ito mula sa kama saka binitawan pahagis ang mga paa niya.

Mabilis itong yumuko at dinampot ang pouch bag niya at binuksan. Inilabas nito ang 9mm gun niya mula roon at itinutok iyon sa kanya.

“Now tell me, who sent you?” humihingal na asik nito. His face looked extra feral at that moment.

## 2

*Patay kang Sarah ka*, she wanted to tell herself habang nakatitig sa lalaking madilim ang mukha. Nakatapat sa kanya ang nguso ng baril na hawak nito.

“What now? Magsasalita ka ba o ano?” asik ni Jude na mukhang siya ring tatapos ng buhay niya. Humahakbang ito palapit sa kanya, fury in his eyes. “Sino ang nagpadala sa ’yo?”

Umatras siya sa headboard ng kama habang nililibot ang mata sa kuwarto at naghahanap ng panglaban. She was considering throwing the lampshade at him, pero masyadong malayo iyon sa kinaroroonan niya sa kabilang side ng malapad na kama. Baka bago pa niya iyon malapitan, nabaril na siya ng lalaki. Pero hindi siya ang tipo ng tao na madaling mawalan ng pag-asa.

A corner of his lips lifted, making the dent on his cheek more visible. “Game’s over, Sarah,” anito. “O iyon ba talaga ang pangalan mo?”

“Iyon talaga ang pangalan ko.” Sanay siyang magtapang-tapangan; pero parang mas tama yatang kabaligtaran niyon ang gawin para isipin nitong hindi

siya threat at lubayan siya. Pagkatapos niyon, saka niya ito susugurin ng suntok. O sipa kaya.

“Well, nice to meet you,” sarkastikong sabi nito. “To tell you frankly, I hate hurting women, lalo na kung kasing-ganda mo. Pero life and death ang usapan dito, so sorry.” Itinaas nitong muli ang baril patapat sa ulo niya. “So what, sasabihin mo ba kung sino’ng amo mo o pasasabugin ko ang ulo mo?”

She did not budge nor blink her eyes.

Noon naman marahas na bumukas ang pinto ng silid na para bang sinipa iyon.

“*NBI!* ’Taas ang mga kamay!” sigaw ni Agent Kel Mesias, ang lalaking kanina ay nasa bar counter at nagmamatyag sa kanila.

Nakahinga si Sarah nang maluwag. Ito rin kasi ang partner niya sa assignment na iyon.

---

Relief ang nararamdaman ni Sarah habang hinihilamusan ang mukha sa banyo ng opisina nila sa *NBI*.

Noon pa mang bini-brief siya ukol sa kaso, parang gusto na niyang tanggihan ang assignment na iyon. Mas komportable siyang makipagbakbakan

*Charmed And Dangerous - Helene Del Mundo*

---

at makipagbarilan kaysa mang-akit ng lalaki at umaktong seductress. Noon lang niya nasubukan ang ganoon—ang mag-astang temptress at ang buong pang-aakit ng lalaki in general!

*At sa lalaking iyon pa!* hirit ng isip niya.

Hindi niya matukoy kung bakit sa lahat ng klase ng titig na natanggap na niya, ang sa Jude Dionisio na iyon ang nakaapekto sa kanya ng ganoon. Epekto, i.e., iyong panghihina ng mga tuhod niya kanina, pagkabog nang malakas ng puso niya at ang tila pagkatuliro ng utak niya. Muntik na niyang malimutan kung sino siya talaga nang ibigay nito sa kanya ang first kiss niya.

Yeah, it was pathetic. She lost her first kiss habang nasa isang assignment. At iyong culprit pa ang kumuha niyon!

Mabuti sana kung hanggang unang halik lang ang nakuha sa kanya.

She sighed. *The things I do for my country.* Pinunasan niya ang mukha gamit ang panyo habang palabas ng banyo.

Nasalubong niya sa hallway si Kel. “Sa conference daw tayo,” anito.

Kumunot ang noo niya. “Hindi pa pakakantahin muna ’yun?” tukoy ni Sarah sa interrogation na dapat ay gawin sa lalaking dinakip nila.

Ang totoo, ang kailangan lang nila sa Jude na iyon ay ang impormasyon ukol sa grupo ng illegal drugs and arms dealers, na tinawag ng pulisya na *Sabog Gang*.

They had received a report na ang Jude Dionisio na iyon ang may hawak ng file ng napatay na journalist na si Julio De Vera, na siyang nakadiskubre sa laganap na bentahan ng armas at droga sa isang maliit na baranggay sa Maynila. Naka-enumerate sa file ang mga pangalan ng mga miyembro ng kinatatakutang grupo na nakatira roon.

Kung paano napasakamay ng Dionisio na iyon ang file ng journalist ay hindi pa nila alam. Pero siya ang in-assign, katulong si Kel, para kuhanin iyon sa binata sa kahit anong paraan.

At iyon nga ang napiling paraan: ang akitin ang lalaki para makarating siya sa silid nito. Pagdating doon, patutulugin niya ito gamit ang baril niya o ang chloroform sa pouch bag niya. Pagkatapos, saka niya hahalungkatin ang mga gamit nito para sa file.

Hindi kasali sa plano nila na magpaakit din siya

sa binata at paabutin pa ang sitwasyon na halos naangkin na siya nito. But hell, hindi siya masisisi ng kahit sino siguro sa mga babaeng nakakita rito nang nakaraang gabi—*NBI* agent man na gaya niya o ordinaryong babae lang. He was all man that his smile was enough to disarm her. And the way he looked at her just made her crave for—

Parang hiningal na pinutol niya ang sariling train of thought. “Ano ba ang nangyayari?” she asked Kel instead.

“Palpak tayo, Sarah,” sagot nito.

Palpak siya, alam niya. Pero dahil nahuli pa rin naman si Dionisio....

Bumalik ang kunot sa noo niya. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

“He’s *CIA*.”

Namilog ang mga mata niya. Imposible yatang galing sa *Central Intelligence Agency* sa Amerika ang lalaking iyon. “Are you serious?”

Tumango lang ito. “Tara na, naghihintay na si Sir sa conference.” Tinapik siya ni Kel sa balikat, sabay akbay at akay sa kanya patungo sa conference room.

Sanay na siya sa gesture nitong iyon. Ilang

assignments na rin ang pinagsamahan nila kaya close na sila. At kahit madalas silang tuksuhin ng mga kasamahan at may mga pagkakataong napapaisip siya kung wala ba talaga itong crush sa kanya dahil sa sweetness nito, alam niyang walang malisya ang mga aktuwasyon na iyon ng binata.

Napalingon sa kanila ang lahat ng taong naroon sa conference room nang bumungad sila sa pintuan. Pero isang pares ng mga mata ang naging dahilan para bumalik ang kakaibang kabog sa dibdib ni Sarah. Pinagalitan niya ang sarili. This was unbecoming of an *NBI* agent already.

“Take your seats, Agents Mesias and Orteza,” anang kanilang director na si Atty. Wilberto Antonio.

Minabuti niyang okupahin ang bakanteng silya na pinakamalayo sa lalaking ilang oras pa lang ang nakakaraan ay kahalikan niya.

“First of all, I’d like to apologize sa palpak, delayed at kulang-kulang na report,” umpisa nito. Bumuntong-hininga ito na parang pinipigil ang galit. “Anyway, Mesias, Orteza, gusto kong ipakilala sa inyo si Agent Dionisio. He’s a *CIA* operative.”

Bagaman pinigilan ang sarili ay napalingon siya sa dako ng binanggit na lalaki. Napalunok siya

nang masalubong ang mga mata nito na matamang nakatingin sa kanya. Again, there was a teasing smile pasted on his lips.

“Nice to meet you two,” anito sa kanila ng partner niya sa buo nitong tinig.

Tumango lang siya.

“The *CIA* sent Agent Dionisio here on an undercover assignment to retrieve the data in anyway possible from De Vera. May isang grupong sinu-supply-an ng armas ang *Sabog Gang* sa Amerika at hinihinalang mga terorista ang mga ito. He’s to work here independently pero dahil sa nangyari, he’s now assigned to help us crack this group down.”

Hindi niya alam kung ano ang mararamdaman. Dapat ba siyang ma-relieve na hindi naman pala masamang tao ang lalaking nakakuha ng first kiss niya? At hindi kaaway ng gobyerno ang dahilan ng tila pag-ikli ng hininga niya sa sandaling ito?

Nalaman niyang ‘hindi’ ang sagot sa mga tanong na iyon nang magpatuloy ang kanilang director, “I believe this job would be easier with the help of Agent Dionisio and the US government. And I assign the three of you to work on this together.”

---



“Ba’t parang hindi ka yata excited?” narinig niyang untag ng katabi ni Sarah sa paglakad na si Kel.

Matapos silang kausapin ng director, i-brief ukol sa assignment, nag-dismiss na ito para umano makapaghanda sila para sa bagong undercover work nila na bukas na bukas din nilang sisimulan. Gayunpaman, naiwan si Agent Dionisio dahil may pag-uusapan pa umano ito at ang boss nila.

Nakakunot-noong nilingon niya ang katrabaho. “Anong excited ang pinagsasabi mo d’yan?”

Lumapad ang ngisi ng lalaki. “Dati-rati, excited ka kapag may bago tayong undercover assignment. Bakit ngayon, parang nilamukos na papel iyang mukha mo?”

Tiningnan niya ito nang masama bago ito inirapan. Nakikita niya sa kislap ng mga mata ng binata na alam nito kung ano ang ikinaiinis niya.

“Dahil ba makakasama natin si Dionisio?” patuloy nito. “O dahil mag-asawa ang magiging cover ninyo?”

“Tumahimik ka nga,” mahina pero mariing saway niya na hindi naman nito pinansin.

“O baka naman dahil obvious ang malalagkit na tingin sa ’yo ni CIA agent?” hirit nito, nanunukso pa

rin.

“Tigilan mo nga iyan, Michael Mesias, at nagtutunog-Boy Abunda ka na sa pandinig ko,” asik niya.

Sa totoo lang, nag-iinit ang mukha niya at sana lang hindi iyon napansin ng kasamahan. Kanina pa siya pahiyang-pahiya dahil sa Dionisio na iyon. Sa kauna-unahang pagkakataon sa tanang career niya, sumubok siyang mangatuwiran sa director nila. Sinabi niyang mas okay kung si Kel na lang ang maging asawa niya sa cover job dahil mas gamay na nila ang isa’t isa.

Pero hindi pumayag si Director Antonio. Umamo, may ibibigay itong ibang cover para sa partner niya na siya nitong specialization. At muli nitong ipinaalala na trabaho lang iyon at walang personalan. Pakiramdam tuloy ni Sarah ay napagsabihan siyang ‘unprofessional’ kahit hindi ganoon ang mismo nitong sinabi.

Nakakainis talaga ang Dionisio na iyon!

Narinig niyang tumawa si Kel na nagpabalik sa isip niya sa kasalukuyan. Sanay na ito sa pagtataray niya paminsan-minsan dahil sa tagal na nilang magkasama sa trabaho. “Kaya ka napapagkamalang

tibo, ang suplada mo kasi sa mga boys. Paano ka maliligawan ng ganyan?”

“Bahala sila sa gusto nilang isipin,” pabalang pa ring tugon niya. “At hindi ko kawalan kahit walang manligaw sa akin, ano!”

On a saner day, hindi naman siya ganoon kasungit. Nagkapatong-patong lang talaga ang malas niya mula pa nang nakaraang gabi sa assignment na iyon, hanggang ngayon.

Pumalatak ito. “Maraming manghihinayang kapag tumanda kang dalaga.”

*Eh, ano ba ngayon kung ganoon nga ang mangyari?* gusto niyang isinghal sa kaibigan. Pero naisip niya, walang patutunguhan kung papatulan pa niya ang usapang iyon. Babalik lang sila sa mga naging conversations nila noon.

Huminga siya nang malalim para kalmahin ang sarili saka nagkibit-balikat. “Gan’un talaga ang buhay.”

Sandaling natahimik si Kel habang nakatitig sa kanya. “Sarah, matagal na kitang kasama kaya masasabi kong kilala na kita. Alam kong may tinatago ka sa akin,” seryoso nang sabi nito.

Walang emosyong sinalubong niya ang paningin nito. Ang totoo ay may ibang bagay ngang bumabagabag sa kanya. Pero hindi niya alam kung kaya niyang ikuwento sa kaibigan. Kahit matagal na silang magkasama sa trabaho, kaunting-kaunti ang alam nito tungkol sa kanyang mga magulang. Para sa kanya ay napakaimportante ng kasong ito ng *Sabog Gang* dahil kasangkot sa grupo ang isang lalaking, hindi man niya matanggap, ay naging bahagi ng kanyang pamilya.

Ngumiti siya para pagtakpan ang galit na bumangon sa dibdib. “Guni-guni mo lang ’yan. Sige, kita na lang tayo bukas.” Tinapik niya ito sa braso bago lumiko patungo sa sakayan ng jeep.

“O, saan ka pupunta? Hindi ka ba sasabay sa akin?” tanong nito nang hindi siya dumerecho sa pinaradahan ng motor nito. Sa mga pagkakataon kasi na sabay silang umuuwi, iniaangkas na rin siya nito at inihahatid sa bahay niya.

“May pupuntahan ako, eh, salamat na lang. Kita tayo bukas.” Kumaway siya bago mabibilis ang hakbang na hinabol ang nakahintong jeep na pabiyahe patungo sa pupuntahan niya.

Kung alam lang ni Kel at ng iba pa nilang mga kasamahan ang mga nangyari nang nakaraang gabi,

hinding-hindi iisipin ng mga ito na tomboy siya.

Heck, may tomboy bang pinanghihinaan ng tuhod dahil lang marubdob na nakatingin sa kanya si Agent Jude Dionisio? Kung sabagay, sa dating na iyon ng huli, malamang kahit iyong mga tunay na lesbian ay kikiligin masulyapan lang nito.

Ang nakakainis lang, hindi siya ang tipo na gustong nakakaranas ng ganoon. Ikinagugulat ni Sarah ang mga reaksiyon niya pagdating sa lalaking iyon. Hindi niya aaminin kahit kanino na may nakakapa rin siyang takot sa dibdib kapag naiisip niyang titira sila sa isang bahay sa loob ng ilang linggo dahil sa trabahong iyon.

At bilang mag-asawa pa! Ibig sabihin, magtatabi sila sa higaan at...

Umiling siya para itaboy sa isip ang negatibong mga bagay. Pilit din niyang ikinalma ang napabilis na tibok ng puso.

Nakakainis talaga!

Nang makarating sa harap ng isang mall ang jeep, bumaba na siya roon. Namili siya ng gatas, adult diapers at ilan pang magagamit ng ina bago sumakay ng tricycle at nagpababa sa *St. Anthony of Padua Home for the Aged*.

Kung mayroong isang bagay siyang dapat na mas pinag-iisipan sa halip na ang tungkol sa love life at pag-aasawa, iyon ay ang kanyang ina—ang natitira niyang kapamilya.

Ito rin ang isang matibay na ebidensya na hindi lahat ng ibinubunga ng pag-ibig ay maganda.

“Hi, Ma,” bati niya sa ina nang matagpuan ito sa hardin ng home for the aged. Doon siya muli itinuro ng isang volunteer na napagtanungan niya.

Gaya noon, nakatulala ito sa kawalan. Hinagkan niya ito sa pisngi pero ni hindi ito lumingon.

“Ako po ito, si Sarah. Kumusta na po kayo?”

Muli, hindi ito sumagot. Pinagmasdan lang niya ito at pinagkasya ang sarili roon.

Nag-init ang sulok ng mga mata niya nang mapansing lalong bumagsak ang katawan nito at humumpak ang mga pisngi.

“Hindi mo yata sinusunod ang nurses dito, hindi ka naman mukhang gumagaling, eh.” Bahagyang pumiyok ang boses niya. “Ma, may assignment uli ako. Hindi naman malayo pero baka kasi matagal kitang hindi madalaw.”

Walang pagbabago sa ekspresyon nito at ni

hindi niya sigurado kung naririnig ba siya nito o naiintindihan kaya. O kung kilala pa ba siya nito.

Napalunok siya nang maramdaman ang pananakit ng lalamunan dulot ng pagpipigil niyang mapahagulhol. Habang tumatagal, lalong lumalabo ang pag-asa niya na gagaling pa ito. At parang dinudurog ang puso niya sa isiping hindi niya man lang ito maalagaan kahit sa puntong ito ng buhay ng ina.

Marahas siyang tumalikod nang maramdamang nag-iinit ang mga mata niya. Ilang sandali niyang hinamig ang sarili bago ito muling hinarap.

“Aalis na ’ko, Ma. Ingatan mo ang sarili mo.” Hinagkan niya ito nang mariin sa sentido, relishing the feeling of her mother in her arms. Kung ang findings ng doctor ang pagbabasehan, hindi imposible na maging huling yakap na niya iyon sa ina.

Bigla itong nagwala at itinulak siya. “Bitawan mo ako! Tulong! Tulungan ninyo ako!” hiyaw nito.

Pilit niya itong niyakap kahit nagpupumiglas ito. “Ma, ako ’to,” nanakit ang lalamunan na bulong niya sa tainga nito.

“Hindi kita kilala! Bitawan mo ako!”

Parang piniga ang puso niya. “Ma...”

“Merto! Merto! Tulungan mo ako! May nanggugulo sa akin dito!”

Tila lalong dinurog ang puso niya sa tinawag nitong pangalan.

Reluctant na binitiwang niya ito nang lumapit ang mga nurses para iasiste ito. Pinanood niya lang ang ina habang pinagtutulungan ito ng mga nurses na ikalma. Noon niya naramdaman ang mainit na luha na pumatak mula sa mga mata niya.

Magbabayad talaga ng mahal ang taong may kagagawan sa nangyaring ito sa kanyang ina oras na magkita sila muli.

At sigurado siya, malapit na ang araw na iyon ng paniningil niya.



# 3

Pigil ni Jude ang ngiti nang makita ang nakasimangot na mukha ni Sarah habang inilalagay ang gamit nito sa likod ng jeep na gagamitin nila.

Hindi niya inakalang magiging ganoon ang turn-out ng assignment na iyon. He was an operative of the *CIA* under the *Special Activities Division* of the *National Clandestine Service*. Bahagi ng kanyang assignment ang pagkuha ng sapat na impormasyon ukol sa mga Pilipinong arms dealer na ka-deal ng mga hinihinalang terrorist organization na may koneksyon sa miyembro ng *Al-Qaeda* sa Amerika. Nakatulong na Filipino siya upang siya ang piliin para roon.

Noong una, kailangan niya lang namang kuhanin ang impormasyong hawak ng journalist na si De Vera. Sa isang operasyon, nagawa niyang makuha ang file, ngunit ilang oras matapos iyon, nabalitaan niyang natagpuan na patay ang journalist sa bahay nito. Sigurado siyang ang *Sabog Gang* ang may kagagawan niyon dahil malinaw na ni-ransack ang bahay ni De Vera noong mapatay ito.

Tapos na sana ang assignment niya at nagpaplano na nga siyang bumalik sa Amerika nang gabing iyon

*Charmed And Dangerous - Helene Del Mundo*

---

na nakilala niya si Sarah. Inaasahan niyang ito-torture siya ng *NBI* para umamin siya sa connections niya, at inihanda na niya ang sarili para itangging konektado siya sa *CIA*. Ganoon kasi ang training nila. Mamamatay siya pero hindi niya maaaring ipagkalat iyon. Pero bago pa iyon mangyari, nagkaroon na ng pag-uusap sa pagitan ng matataas na tao sa gobyerno ng Pilipinas at ng Amerika, at ngayon, heto, na-extend ang assignment niya.

“Ready, sweetheart?” untag niya sa dalaga.

Gaya ng inaasahan, lalo itong sumimangot nang lingunin siya. “Hindi ‘sweetheart’ ang pangalan ko.”

Tuluyan siyang ngumiti. She really looked so damn cute when she grimaced like that. “I know, Sarah. Nagpa-practice lang ako. Alam mo na...”

Nang gabing makilala ni Jude ang babae, kasalukuyan siyang nag-a-unwind dahil kagagawa pa lang niya ng kopya ng file na nakuha at nai-send na iyon sa headquarters nila sa Langley, Virginia. Ilang oras na lang ang itatagal niya sa Pilipinas at lilipad na siya pa-Amerika kinaumagahan.

He was instantly attracted to Sarah, kahit pa nagkahinala rin siyang maaaring kalaban ito. Mayroon ba naman kasing liberated na babae kuno

na hindi marunong humalik at parang ilang na ilang sa maiksing paldang suot nito? Halatang hindi rin ito sanay sa lugar.

He liked kissing her, anyway. He enjoyed every minute spent with her at kung hindi siya nito na-headbutt, baka tinuluy-tuloy niya ang eksenang iyon hanggang sa tuluyan niya itong naangkin—and yes, kahit pa naroon sa likod ng utak niya ang hinalang isinugo ito ng kalaban ng gobyerno.

And who would have cared kung ganoon kagandang mukha ang tititigan niya? Her soft and fragrant skin drove him to near madness na muntik na niyang hindi nakontrol ang sarili niya. Pero hindi ang inaasahan ni Jude ang naging katapusan ng lahat. She certainly was more than just *killer* looks.

At ngayon, heto ang babaeng nagpapainit ng dugo niya dahil sa pagnanasa. At a touching distance, but looking so irritated. Hindi man sabihin, alam niyang mabigat sa kalooban nito ang pagtanggap sa assignment na iyon.

Mag-po-pose silang newlyweds na uupa sa isang maliit na kuwarta sa squatter's area kung saan, ayon na rin sa file na binigay sa kanya ng kilalang mamamahayag na si Julio De Vera, nakatira ang apat sa limang miyembro ng kilabot na arms and drug

dealer group. Sila ang magiging mole sa lugar para mag-aral kung paano mas mapapadali ang pagtiklo sa grupo.

Dahil kunwariang mag-asawa sila, magkakasama sila sa isang bahay. It was a tempting situation pero wala siyang balak mag-back out. He wouldn't miss an opportunity as thrilling as this. Mas nilo-look forward pa niya ang bahay-bahayan nila ng seksing dalaga, kaysa sa totoong trabahong gagawin nila.

Pabagsak nitong isinara ang pinto ng likuran ng jeep. "Wala pa tayo sa site kaya huwag kang masyadong excited," singhal nito.

Napatawa si Jude. Sinundan niya ito ng tingin habang papalulan ito sa passenger side sa harap ng sasakyan.

"I can't help it, babe. Just the thought of seeing you excites me," birong-totoo niya nang makapuwesto sa tabi nito.

Tinapunan siya nito ng masamang tingin. "Tigil-tigilan mo ako niyan, Dionisio."

"Aww!" Umarte siyang kunwa ay nasaktan. "You called me by name n'ung gabing iyon, di ba? So bakit ako naging 'Dionisio' ngayon?"

“On assignment ako n’un,” depensa nito.

“That night you seduced me?” pang-aasar pa niya. Umismid lang ito. “On assignment din naman tayo ngayon, so puwede mo ’kong tawagin uli sa pangalan ko. In fact, mas makakatulong sa cover natin kung ‘Honey’ or ‘Sweetheart’ or ‘Daddy—”

Nagbuga ito ng hangin. “Pupunta ba tayo sa site o mag-aasaran lang tayo dito maghapon?”

Muli siyang ngumiti. “Eto na nga, aalis na nga tayo,” aniya saka ini-start ang kotse. “Cool lang. And smile, Mrs. Joanne Magbanua,” banggit niya sa cover name nito. “Baka isipin ng mga magiging kapitbahay natin, kakakasal lang natin, nag-aaway na tayo.”

Lumawak ang pagkakangiti niya nang mapansing tumiim ang mga bagang nito. She really looked so beautiful. Actually, ‘tempting’ ang mas apt na description para rito.

“So tell me, ilang taon ka na sa ahensya?” untag niya para may mapag-usapan sila.

Kung hindi kasi sila mag-uusap, baka maisipan pa niyang gawan ng paraan ang kanina pa utos ng damdamin niya na halikan ito.

Hindi ito sumagot at parang hindi siya narinig

na nakamasid pa rin sa labas ng bintana sa tabi nito.

“I’m just trying to make a conversation here, come on. May masama ba r’un?”

She hissed. “Two years,” turan nito sa nauna niyang tanong.

“Have you always wanted to be in the *NBI*?”

“No.”

“Ba’t ka napunta sa ganitong trabaho?”

“Job interview ba ito?” asik nito.

Napatawa siya. “Ba’t ba ang suplada mo ngayon? Hindi ka naman ganito n’ung nag-meet tayo sa bar. Meron ka ba ngayon?” sadyang pang-iinis niya.

Sa wakas, tiningnan siya ng dalaga—masama nga lang. Parang gusto na siya nitong suntukin sa mukha.

Sinupil ni Jude ang ngiti. “That was a joke, okay? Relax.”

Matagal itong hindi umimik. Bumuntong-hininga lang ito pagkatapos.

“Kailangang maging komportable tayo sa isa’t isa, Sarah. We’ll be working closely together, sa ayaw

mo man o sa gusto. At mag-asawa ang cover natin. Newlyweds, if I may add. Pero kung kagaya ngayon ang arte mo mamaya, baka akalain ng mga tao r'on, maghihiwalay na tayo."

"Wala pa tayo d'un, Dionisio," matabang nitong sagot saka ibinalik ang tingin sa labas ng bintana.

Napailing na lang si Jude. "Siguro hindi ganyan ang mukha mo ngayon kung si Mesias ang katrabaho mo ngayon," hindi mapigil ang ngitngit na komento niya. Nakita niya kung paano mag-usap ang dalawa, they looked really close.

"Walang kinalaman si Kel dito."

"So ako ang problema? You don't want to work with me. Bakit, dahil naalala mo kung paano mo sinagot lahat ng mga halik ko n'ung isang gabi?"

---

Sarah hissed again. Pakiramdam niya, sing-init ng plantsa ang mukha niya.

"Bakit parang pakiramdam ko nag-take advantage ka n'ung gabing iyon?" asik niya sa lalaki. Naka-pony ang buhok nito ngayon hindi gaya noong isang gabi na naka-brush up. Pero guwapo pa rin.

"Oh?" Prenteng tinaasan lang siya nito ng kilay

at kalmanteng nagmaneho. “Ikaw ang lumapit sa akin. You offered yourself to be that *random attractive woman* I said I wanted to spend the night with. You seduced me—”

“Trabaho ko ’yun!” putol niya.

“Hell, yes. And you were good at it.” Nag-red ang traffic light sa harap nila kaya sa kanya napatuon ang mga mata nito paghinto ng sasakyan nila. “Though at the back of my mind, may hinala na akong kalaban ka, nagpaakit pa rin ako—”

“Alam mo?” Namimilog ang mga mata niya.

“Well, you acted strange for someone supposedly ay sanay mang-pick up ng lalaki sa bar,” kubit-balikat nito.

Naningkit ang mga mata niya. “Eh, di inamin mo rin. Nag-take advantage ka talaga!”

Pinasibad nito ang sasakyan pagka-green na pagka-green ng traffic light. “You kissed and touched me too kaya patas lang tayo.”

“I was undercover, you were not.”

He smiled and she thought it was too sexy, it almost melted her defenses. “I couldn’t help it. Gan’un ka kagaling mang-akit, I say,” anas nito. “Pulos gan’un



ba ang assignment mo kaya parang nasanay ka na?"

"Inconsistent ang statements mo. Akala ko ba I acted odd for a supposed-to-be temptress?"

He shrugged his shoulders; pouted his reddish lips while pondering something. "Maybe it was just me." Nilangon siya nito. "Mukhang hindi ka na naman nang-se-seduce sa simangot mong 'yan ngayon, pero kanina pa 'ko hirap na hirap dito sa pagpipigil sa sarili kong i-park itong sasakyan at halikan ka."

Natigilan si Sarah. A shiver ran down her spine as a reaction to his sultry drawl. She could see the truth in what he said in his dark eyes.

Kinabahang iniibas niya ang tingin dito. "P-pervert!" asik niya.

Sa pagkagulat niya, humalakhak si Jude. His rich laughter filled the car and even seeped through her veins.

Heck, mukhang mas malaking peligro pa ang lalaking ito kaysa sa assignment nila.